PEDIATRIC INFECTIOUS DISEASE SOCIETY OF THE PHILIPPINES SUPPORTS

# WORLD IMMUNIZATION WEEK



## Mga Katanungan Tungkol sa Bakuna

### 1

### Anu-ano ang mga benepisyo ng pagbabakuna?

- Pag-iwas sa mga nakahahawang sakit na nakamamatay katulad ng polio, tetano, at tigdas
- Proteksyon para sa mga taong nakapaligid sa atin at sa komunidad
- Pag-iwas sa kanser (halimbawa cervical cancer at kanser sa atay).



### 2

### Ligtas ba ang mga bakuna?




- Oo.
- Ang mga pangkaraniwang epekto ng bakuna (halimbawa pananakit, pamumula, at pamamaga ng parteng tinurukan) ay madalas katamtaman lamang at nawawala din pagkalipas ng ilang araw.
- Mga malulubhang epekto katulad ng allergy ay madalang nangyayari.

### 3

### Maaari bang bakunahan ang bata kung may sakit ito?

- Kadalasan, maaaring bakunahan ang batang may simpleng ubo, sipon, o mababang lagnat.
- Kumonsulta sa inyong doktor upang makasiguro.



### 4

### Bakit kailangan din ng mga teenager magpabakuna?



- Ang bakuna ay para sa lahat ng edad.
- Ang proteksyon sa bakuna ay unti unting nawawala kaya't kailangan muling magpabakuna upang lalong mapalakas ang resistensya.
- Kumonsulta sa doktor at alamin ang nararapat na bakuna para sa inyong anak.

### REFERENCES


1. CDC. Vaccines for your children - Questions about vaccines. Accessed 23 Mar 2023.
2. https://www.healthline.com/health/vaccinations#vaccine-safety. Accessed 23 Mar 2023.